REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000

Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Enero 25, 2000

DECS MEMORANDUM
No 31 s 2000

PAMBANSANG DEMO-WORKSYAP FEST SA PAGTUTURO NG WIKA

Sa mga Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno/Pinuno ng mga Pribadong Paaralan

1 Ang Pambansang Samahan ng mga Dalubguro sa Wika (English at Filipino) sa pakikipagtulungan ng Pamantasang Normal ng Pilipinas at pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, ay magdaraos ng Pambansang Demonstrasyon Worksyap Festival sa Pagtuturo ng Wika na may paksang Pagpapahusay ng Pagtuturo Tugon sa Pagpapataas ng Kalidad ng Edukasyon sa Milenyum 2000 Ito ay gaganapin sa Abril 17 20, 2000 sa Awditoryum ng Pamantasang Normal ng Pilipinas

2 Pagkatapos ng demonstrasyon-worksyap festival ang mga kalahok ay inaasahang

a Maiaangkop ang istratehiya sa pagtuturo sang ayon sa pangangailangan ng mga mag aaral,
b Mananaliksik ng pinakaepektibong istratehiya sa pagtuturo ng English o Filipino, maging ito ay bilang asignatura o midyum,
c Makapagpapakita ng halimbawa ng pinakamabisang istratehiya sa pagpapahusay ng pagtuturo ng wika,
d Maiaangkop ang iba't ibang istratehiya sa pagpapahusay ng pagtuturo ng wika, at
e Maitataas ang kalidad ng edukasyong pangwika sa mahusay na pagtuturo nito

3 Inaasahang ang dadalo sa demonstrasyon-worksyap festival na ito ay ang mga panrehiyon/pansangay na superbisor o puno sa Filipino at English, mga kinatawan guro ng mga paaralang elementarya at sekundarya, pribado o publiko man Maaring dumalo ang mga guro sa Filipino sa opisyal na oras lamang at sa pasubaling ang kanilang klase ay hahawakan ng mga gurong may bakanteng oras

4 Manggagaling sa sariling pondo ang ibabayad sa transportasyon mula sa pinanggalingang paaralan o tanggapan hanggang sa lugar ng demo worksyap fest at pabalik, gayundin ang Sanlibong Pisong (P1,000 00) ibabayad para sa rehistrasyon, at iba pang gastusin kaugnay ng demo-worksyap fest

5 Para matiyak ang bilang ng seminar handouts na ipamamahagi sa rehistrasyon, mangyaring magpadala ng reserbasyon sa o bago ang Marso 17, 2000 Ang sinumang walang reserbasyon ay tatanggap ng seminar handouts sa pagtatapos ng nabanggit na gawain Mangyaring ipadala ang reserbasyon kina

- Candelaria Cui-Acas, Ph D
  Demo Worksyap Fest Coordinator, PSDW
  Komisyon sa Wikang Filipino
  Watson Bldg , 1610 J P Laurel
  Malacanang Palace Complex
  San Miguel, Maynila
  Telepono Bldg 7362526

- Prop Patrocinio V Villafuerte
  Pamantasang Normal ng Pilipinas
  Ayala Taft, Maynila
  Telepono Blg. 5270371

6 Ipangalan ang bayad na tseke sa Pambansang Samahan ng mga Dalubguro sa Wika, Ink Hihilingan sa PRC ang accreditation nito

7 Hinihiling ang agaran at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW B GONZALEZ FSC
Kalihim

Kalakip Gaya ng nasasaad
Sanggunian Wala
Pamumudmod 1—(D O 50 97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

COMMUNICATION ARTS
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS

**PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA DALUBGURO SA WIKA, INK**

## P O R M U L A R Y O  S A  P A G R E R E H I S T R O

Pangalan ______________________________________________
(Limbag/Print) Apelyedo, Una MI

Katayuang Sibil ______________________________________________

Kursong Natapos ______________________________________________

Katungkulan ______________________________________________

Blg ng Taon ng Panunungulan ______________________________________________

Adres ng Tanggapan/Paaralan ______________________________________________

______________________________________________

Sangay ______________________________________________

Adres ______________________________________________

Adres ng Tirahan ______________________________________________

**Pambansang Demo Workshop Festival in**
**Teaching Language and Literature (English and Filipino)**
**April 19 20 2000 PNU Auditorium**
**S/P Pambansang Samahan ng Mga Dalubhasa sa Wika Ink**
**Kagawaran ng Edukasyon Kultura at Isports**
**Komsiyon sa Lalong Mataas na Edukasyon**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 8 00 9 30 | Registration | Demo 1<br>Reading for Beginner | Demo 6<br>Teaching Story | Demo 11<br>Panitikan ng Pilipinas/World Literature |
| 9 30 10 00 | **M E R Y E N D A** | | | |
| 10 00 11 30 | Opening Program | Demo 2<br>Developmental Reading | Demo 7<br>One Act Play | Worksyap 2<br>Critiqueng Demo Classes |
| 11 30 1 30 | Keynote Speech | Demo 3<br>Recovery Program in Reading | Demo 8<br>Book Review | Worksyap 3<br>Preparation of Evaluation Lesson |
| T A N C H A L I A N AT P A H I N G A | | | | |
| 1 30 3 00 | Lektyur 1 Pagtu uro ng Wika | Demo 4<br>Teaching Listening/Speaking<br>Reading and Writing | Demo 9<br>Filipino 1 | Worksyap 3<br>Lesson Planning/Sillabus |
| 3 00 3 30 | **M E R Y E N D A** | | | |
| 3 30 5 00 | Lektyur 2 Pag uturo ng Panitikan | Demo 5<br>Teaching a Poem | Demo 10<br>Filipino 2 | Graduation 1 Synthesis<br>2 Evaluation<br>3 Closing Program |